ULÓS

ULUSIN NG PLUMA AT PINSEL ANG KAAWAY!

TAON I, BILANG 2 NOBYEMBRE 15, 1972

'Bagong Anyo '72'

NILALAMAN

Editoryal • Binagong Pambansang Awit sa "Bagong Lipunan" • Bistado ang Teatro ng "Bagong Lipunan" • Dulangbayan: Shades of the Japanese Occupation! • "Bagong Anyo '72" -- How and Why They Brought the Fashion Show to the Masses • Ang Panitikan ng Liwayway: Aliwang Pambulag • Huwag Mong Sabihing Walang Saysay ang Pakikibaka • Kasal sa Panahon ng Apoy • Suriin Po Natin

EDITORYAL

GARAPAL ANG PANLILINLANG NA BAGO ANG KULTURA NG "BAGONG LIPUNAN"

Anumang pagtatakip ang gawin ng diktadurang E.U.-Marcos sa kahungkagan ng kulturang kaakibat nito, hindi maikukubli ang piyudal at imperyalistang kulturang salalayan ng mapagsamantalang lipunang binansagang "bago" ng Proklamasyon Blg. 1081. Hindi na kailangang suriin pa ng espesyalista ang mga pakanang pangkultura ng "bagong lipunan" upang mahalata na ang mga ito'y pawang kiniyasang basahan na ginagawang pantabing sa mga kabuktutan ng pasistang diktadura.

Sa larangan ng ekonomiya, ang imbing salamangka ni Marcos ay ang reaksiyonaryong "reporma sa lupa": noong 1963 sa ilalim ng papet na rehimeng Macapagal, bininyagan itong Agricultural Land Reform Code (Rep. Act 3844); noong 1971 sa ilalim na rin ng papet pasistang Marcos, pinangenlan itong Code of Agrarian Reforms (Rep. Act 6389); at ngayon naman, ito'y binansagang Presidential Decree No. 2 at Presidential Decree No. 27.

Ipinangangalandakan ng diktador na si Marcos na ang "reporma sa lupa" ay katibayan ng magandang hangarin ng estado para sa uring magsasaka. Subalit sa kabila ng sinasabi niyang pagtangkilik na mga magsasaka, nariyan naman ang hayagang pagtataguyod sa kapakanan ng mga panginoong-maylupa, na binibigyan ng kung anu-anong paluwag upang mapahinuhod na ipamahagi ang malalawak na lupain sa mga magsasakapan.

Kataput ng mapanlinlang na "reporma sa lupa" ang pang-uulol ng diktadurang E.U.-Marcos sa larangan ng kultura--ipinagdiriinan nito ang "pambansang kultura", na kung susuriin'y isang ilusyon lamang sa loob ng ating lipunang sinasalot ng imperyalismong Amerikano at ng mga katutubong puwersang kakutsaba nito.

Noong 1969, nagimbal ang papet na rehimong Marcos sa nag-aalimpuyong lakas ng pambansang demokratikong kilusan. Sinikyan kaagad ni Imelda Marcos ang nasyonalismo upang mapabango kahit bahagya ang umaalingasaw na rekord bilang papet ng imperyalismong Amerikano ng kanyang asawa na noo'y kandidato para sa reeleksiyon. Bilang pambungad na palabas sa Cultural Center of the Philippines, ang pantiyon ng reaksiyonaryong kultura, nagpahanda siya ng isang pakulong diumano'y naglalayong "lumikha" ng katutubong tradisyong pandulaan, at tinawag itong "dularawan".

Ang resulta'y ang Gintong Salakot na may iskrip na ibinatay sa isang katutubong alamat na natala sa wikang Espanyol, isinulat sa tulang Ingles, isinalin sa Pilipino, at nilangkapan ng pinagtagni-tagning anyong pandulaan mula sa teatro ng mga pangunahing bansang kapitalista sa Kanluran. Ang kinalabasan nito'y isang sintetikong produksiyon na alangang opera'y alangang dula, alangang katutubo'y alangang banyaga. Ang maluhong bodabil na ito ay inialay sa mga piling panauhing galing sa hanay ng mga imperyalistang Amerikano, panginoong-maylupa at burukrata.

At minsan pang napatunayan na anumang ngalngak tungkol sa "pambansang kultura" ay hungkag hanggat hindi nalulutas ang mga suliraning pang-ekonomiya at pampulitika ng bansa. Pagkat ang Pilipinas ay kontrolado ng imperyalismong Amerikano at gapos ng katutubong piyudalismo, ang kultura nito ay batbat ng kosmopolitanismong itinanim ng imperyalismong Amerikano, at nabibilibiran ng elitismong nag-uugat sa piyudalismo.

At ngayo'y naririto ang Bagong Anyo '72, panibagong panlilinlang, at higit na nakasusulasok sapagkat halatang-halata ang pagkabangkarote. Isa na namang proyektong pambungad ni Imelda Marcos, ito'y estrumbotikong belada na naglunsad sa opensibong pangkultura ng "bagong lipunan". Kung itatabi ito sa Gintong Salakot, lalong tumitingkad ang katotohanang ang pagkatatag ng "bagong lipunan" ay pagkalubos lamang ng kabulukan ng gapok na lipunang ngayo'y tinapalan ng bansag na "bago".

Noong una pa man, ang fashion show ay pinakatampok na aliwan ng naghaharing uri sa Pilipinas. Salamin ito ng kaisipang hungkag, isang parada ng mga manikang sanpayan ng kung anu-anong saplot na kumikiliti sa kapritso ng iilang masalapi at makapangyarihan. Sa Bagong Anyo '72, katutubo raw ang mga disenyo ng mga damit, katutubo raw ang mga telang ginamit.

Subalit kahit hindi eksperto sa moda ang tumingin, mapapansing ginagad lamang ang mga "katutubong" kasuotan sa umiiral na moda sa Paris, Londres at New York. At kailangan lamang magbasa ng balitang

pangkalakalan upang matantong ang mga pabrika ng tela rito sa Pilipinas ay ekstensiyon ng mga imperyalistang empresang nakabase sa Estados Unidos at Hapon. At ilan na sa kababaihang Pilipino, sa panahong ito ng kagipitan, ang may kuwarta at pagkakataon upang magbihis tulad ng mga modelong kumendengkendeng sa entablado?

Fashion show na tinaggpiam ng makukulay na retaso mula sa karnibal at piesta (na tulad ng luces, kuwitis at lobo) upang lansihin ang mga manonood sa paniniwalang ito ay para sa lahat ng uri. Ganyan ang Bagong Anyo '72, kaya't paano kaya nagagabing "bago" ang kulturang sinasalamin nito?

Tunay na napakababa ang tingin ng diktadurang E.U.-Marcos sa kakayahang maglimi ng sambayanan. Hindi kataka-takang ituring itong parang batang musmos, batang oras-oras (sa peryodiko, radyo at telebisyon) ay kailangang subuan ng mga tugnang inipitan ng inaamag nang mga pangaral upang panatilihing walang angal. Subalit ang pasistang diktadura na rin ang nagtuturo sa mga Pilipino tungkol sa kahungkagan ng sistemong pinangangalagaan nito.

Sa pamamagitan ng panggigipit, pandarahas at panlilinlang, ang mapang-aping rehimen na rin ang nagsisiwalat sa kalikasan ng diktadurang yumuyurak sa mga demokratikong karapatan ng sambayanang Pilipino. Sa paglalim ng pagkaunawa ng sambayanan sa buktot na tunguhin at mapanlinlang na taktika ng diktadurang E.U.-Marcos, sumusulong ang rebolusyong pangkultura na babakbak sa balatkayo ng bulok na lipunang nagpapanggap na bago. At kaalinsabay ng paglalantad sa kabulukan ng "begong lipunan", dudurugin ng naghihimagsik na sambayanan ang diktadurang naglilingkod sa mga kaaway ng bayang Pilipino.

'BAGONG ANYO' IS A GILDED LABEL FOR IMPERIALIST-FEUDAL CULTURE

A given culture is the ideological reflection of the politics and economics of a given society.

The culture of the U. S. - Marcos dictatorship is the ideological reflection of the politics and economics of the semi - feudal and semi - colonial society of the Philippines. It reinforces the imperialist and feudal domination of our country.

The fascist dictatorship would now want to force on us the idealist nonsense that a new society can be built out of the old without a radical transformation of its economic and political structure. The cultural "renaissance" that it peddles is premised on this pure illusion.

Hence, its concoction of "bagong anyo" in culture.

The chief purveyors of the decadent culture of the "new society" couldn't have formulated anything more transparent. "Bagong Anyo" stands precisely for what it signifies: a re-embellished label for the same old content. Specifically, it is the re-stylization of all that is decadent and reactionary, exploitative and oppressive in the present society for the exclusive purpose of making semi-feudalism and semi-colonialism more palatable and digestible.

"Bagong Anyo", which originally stood for a truly Philippine fashion as schemed by Imelda Marcos and as executed in a series of ridiculous display of haute couture, has since then grown to define the over-all conception of culture by the U.S.-Marcos dictatorship. It is supposed to uphold the rich heritage of our past, yet what it actually tries to uphold is the old system of feudal ethics. It is supposed to integrate this rich heritage with the modern, yet what it actually means is the coercive assimilation of the empty trimmings peddled by imperialism.

The bourgeois diehards' starting point is bourgeois despotism, which in culture becomes the cultural despotism of the bourgeoisie.

Two recent occasions are to be noted along this line.

The first is Francisco Tatad's meeting with representatives from the mass media at Camp Aguinaldo to announce "the plan for a code of conduct for journalists to utilize the press really for what it should be, to disseminate information and to promote values that will help form a new society."

The second one, uttered perhaps unwittingly, is Lamberto Avellana's statement on recent stage revivals which are intended, he said, "to entertain the people particularly those in the middle and upper middle class and at the same

(See p. 4)

BINAGONG PAMBANSANG AWIT
SA 'BAGONG LIPUNAN'

Bayang magiliw,
Perlas ng Silangan,
Alab ng puso
Ay diguhang bayan.

Lupang hinirang,
Duyan ka ng magiting,
Sa diktadura
Di ka pasisiil.

Sa Bisaya, Luson,
At Mindanao--sa Sangkapuluan--
May apoy ang tula
At awit sa paglaya mong inagaw.

Dudurugin ng masa ang
Diktadurang B.U.-Marcos,
Didikdikin ng B.H.B.
Ang A.F.P. sa nayon at lunsod.

"Bagong lipunang" luma at mapang-api
Lalansagin nang dahil sa iyo.
Ang demokrasya ay aming itatayo,
Tunay na laya'y kakamtin mo!

time to inject the moral values that are ever-Filipino."

The first is one indication of the repressive nature of the cultural machine of the U.S.-Marcos dictatorship, the second an unequivocal declaration of the class allegiance of the culture the dictatorship tries to impose on the people.

Repression in the "new society" has of course already borne fruit in the endorsements extracted from show business personalities, in the new and sudden "social (i.e., feudal and colonial) consciousness" of these new evangelists, in the sonorous paeans of a cowed press, in the "Filipinization" of Philippine education, and in the uninterrupted exhibits of the most innocuous of bourgeois art, among other things. That these acts and these works transcend classes, as the cultural despots are wont to feign, is a myth unwittingly shattered in a single blow by the Avellana statement.

Imperialist culture and semi - feudal culture are devoted brothers and have formed a reactionary cultural alliance against the new culture.

Imperialism thrives in a given society through its social basis, feudalism, and this, too, is the case in culture.

The very same strategy that imperialism uses to perpetuate its economic plunder and political control is reflected in the field of culture. Here, what is at first an overt and unabashed imposition of foreign influence is later revised when confronted with the people's revolutionary display of uncompromising patriotism, in which case it begins to reroute itself via what imperialism and its lackeys deem to be "national culture".

"National culture" as conceived by the U.S.-Marcos dictatorship is essentially feudal culture. The use of indigenous forms (as in "Bagong Anyo '72") is cheap caricature posing as art. "Moral values that are ever-Filipino", the artificially imposed content of this culture, refer to feudal mores and practices made to function as ethical justifications for our mendicant attitude and blind subservience to the powers that be. When this concept of "national culture" is juxtaposed with the other side of the coin, the cosmopolitanism of bourgeois art, we get the picture of an unholy alliance.

A truly national culture in the Philippines, therefore, cannot realize its full flowering in the suffocating imperialist-feudal grip. It is embodied in and develops along with the emerging dynamic culture, the culture of national democracy.

National democratic culture is anti-imperialist and anti-feudal; already, at this stage of the struggle of the Filipino people, it has proven to be a decisive and potent weapon, hence the ferocity with which the forces of imperialism and feudalism try to trample it.

Yet, there is a single important thing that the imperialists and their lackeys cannot understand: that the national democratic culture of the Filipino masses which these forces of reaction seek to stifle is the very same weapon with which the people can parry their blows and eventually trash them into the dustbin of history.

BISTADO ANG TEATRO NG "BAGONG LIPUNAN"

Sa kabila ng ipinamamaraling aktibismong pangkultura sa "bagong lipunan", ang mga produksiyong pandulaan mula nang ipatav ang diktadurang militar ay tila malaking pag-aaksaya ng talentong Pilipino. Bukod pa, at ito'y likas sa namamayaning pasistang rehimen, ang dulaan ay nagiging kasangkapan upang mailayo ang pansin ng madla sa nakahahambal na katotohanan ng buhay sa Pilipinas ngayon.

Bilang pag-alinsunod sa mapanikil na diktasyong pangkultura ng pasistang pangulong Marcos, ang dula--gaya na rin ng ibang larangan ng sining--ay nauuwi sa layuning "mang-aliw" at "makapagpalimot" at nasasadlak sa mumunti at romantikong paksain, kundi ma'y nagbibigay-diin sa paggalang sa matatandang institusyon at piyudal na paniniwala. Sa madaling sabi, kung hindi eskapista, ang mga produksiyong pandulaan ay may batayang kolonyal at piyudal.

Maibibigay nating mga halimbawa nito ang "West Side Story in Rock" sa Cultural Center of the Philippines at "Tatlo" sa Dulaang Rajah Soliman.

Bagong Peste mula sa Broadway

Ang may pinakamalawak na publisidad,

lalo na sa sindikatong balita sa diyaryo, ay ang "West Side Story in Rock"---isang adaptasyong rock ng isang dulang musikal sa Broadway. Kaagad, malinaw na ito'y pagtatangka na namang mag-ala-Kano ng mga Pilipinong may kaisipang kolonyal; at ang resulta ay madalas na katawa-tawa at ang panonood ay nagiging isang nakalalantang karanasan.

Ano nga ba naman ang halaga ng ganitong palabas-Amerikano sa pagbuo ng makabuluhang kulturang Pilipino? Kahit na ipangalandakang ito'y dinudumog ng manonood (lalo na ng mga taong hindi naman impis ang bulsa) at ang kinikita'y napupunta sa mga proyektong sibiko at mapagkawanggawa, hindi kaya ito pag-aalay ng henyo at lakas Pilipino sa altar ng pangongopya sa kulturang Amerikano--at senyal ng matiim na pagkakatanim nito sa kaisipan ng marami-rami rin namang Pilipino?

Gaya ng ibang naunang "hits" sa CCP--ang "Jesus Christ Superstar", "Tommy" at "The Best of Broadway"--ang "West Side" ay ekspresyon ng pagkabulok ng henyong Pilipino sa mala-lintang impluwensiya ng isang kulturang kolonyal. At kakatwang sa halip na ikabiya, ito'y ipinagpapara-ngalan pang bahagi ng "maluwog na panoorin" sa "bagong lipunan".

Ayon sa anunsiyo ng Times Journal, may tatlong dahilan kung bakit ito ang pinakatampok na palabas ng "bagong lipunan" para sa Nobyembre.

Una, matagal na raw hinihintay ang musikal dahil sa "mga bagong himig, mga bagong galaw, at bagong anyo na ipinamalas nito". Tinutukoy nito ang paglalapat ng mga bagong musika ng mga taong 1970 sa orihinal na score ni Leonard Bernstein, ang paggamit ng mga sayaw na popular sa mga diskotek, at ang disenyo ng mga makabagong kasuotan ng mga tauhan.

Ikalawa, napapanahon daw ang tema nitong "pag-ibig at pag-unawa sa gitna ng mapait na realidad ng araw-araw na buhay". Ipinakakahulugan nito na ang makabagong Romeo-at-Julietang tema ay may napakalaking atraksiyon sa mga kabataan ngayon na nagugumon sa mga ipinagbabawal na gamot dahil sa nais nilang takasan ang kabirapan ng pamumuhay sa lunsod.

Ang ikatlong dahila'y sa punto ng sining: diumano'y ito na ang katuparan ng pangarap ng mga lokal na artista na makahulagpos sa "mga establisadong pangkatin sa negosyong panteatro na nakapipinsala sa halip na makatulong sa pagpapaunlad ng pambansang tradisyon". Tinutukoy nito ang pangyayaring bukas ang mga gawaing pamproduksiyon sa lahat, anuman ang grupong panteatro ang kinabibilangan nila.

Pawang kabalintunaan ang ipinagdadadakdak na ito ng mga alagad ng reaksiyonaryong kultura. Unang-una, ang mga bagong bagay na kanilang ipinagyayabang ay pulos hango sa kulturang Kanluranin, at ang hinango pa mandi'y ang dekadente at reaksiyonaryong aspekto nito. At sinasabi ng mga propetang pangkultura ng "bagong lipunan" na dapat nating itaguyod ang "sariling atin", ang "tunay na Pilipino" sa larangan ng kultura!

Sa orihinal na kuwento ng musikal ay may implikasyong sosyal ang tunggalian ng mga Porto Ricano at mga Puti sa New York; sa adaptasyon ng lokal na produksiyon ay isinaisantabi ito at sa halip ay pinalaki ang personal na trahedya ng dalawang magsing-irog at pinalabas na personal na pag-ibig ang pinakamahalaga. Ang pagtaliked na ito sa realidad ng lipunan ang siyang dahilan kung bakit ang ganitong mga pagtatanghal ay itinataguyod sa "bagong lipunan". Nais ibaling ang ating pansin sa maliliit na bagay upang makalimutan ang mga tunay na sakit ng lipunan at ang kinauugatan nito.

Lalong katawa-tawa ang ikatlong dahilan sapagkat ipinagmamalaki nito ang bagong kalayaan at mas malawak na oportunidad sa mga artista, gayong sa ilalim ng diktadurang E.U.-Marcos, ang lahat ay napaiilalim sa mga pasistang paghihigpit

ng makinaryang pangkultura ng "bagong lipunan".

Ang "West Side" ay isa lamang sa samot-saring panlilinlang ng mga galamay ng estado sa larangan ng kultura.

Ang "Tatlo" at Bagong PETA

Ang klase naman ng dramang inilalabas ng Movie Actors Workshop ng PETA ay pabubayaan ding magpatuloy sa "bagong lipunan".

Sa pahayag na lamang ng isang nangungunang kasapi ng naturang samahan ay alam na natin kung bakit: "The Filipino audience wants melodrama, comedy, sex, and humor all rolled into one, so I give them what they want. Filipino plays acted by Filipino actors in the light of Filipino mentality."

Ganito nga ang ginawa niya sa "Tatlo", isang presentasyong PETA sa Dulaang Rajah Soliman ng tatlong maiikling dulang pantelebisyon.

Ang "Isang Laro" ni Mario O'Hara ay isang manipis na pag-aaral ng sobinismong pangkalalakihan o "male chauvinism". Sa "Bukas, Madilim, Bukas" ni Orlando Nadres, ang inilarawan ay ang sikolohikong eksposisyon ng pagbabago ng isang tumandang dalaga dahil sa kasakiman ng kanyang ina. At sa "Bubungang-lata" ni Agapito Joaquin, ipinakita kung paanong ang isang babae ay napilitang magputa dahil sa karalitaan.

Ang ganitong pasakalye ay nagbubunyag na ngayon pa man kung anong klaseng panahon ng drama itong sisimulan ng Movie Actors Workshop ng PETA.

Sa "Tatlo" ay makikita ang pagsisikap na ikubli ang higit na mahahalagang isyung panlipunan na dapat pagtuunan ng pansin sa halip na ang mga ordinaryong problemang nagaganap sa araw-araw na buhay ng mga mamamayan (mga problemang sintomas lamang ng higit na malalubhang suliranin).

Sapagkat hindi nakagagalos, ang ganitong klase ng dula'y dapat asahang pauunlarin at hihikayatin pa ng diktadurang E.U.-Marcos sa pagdadahilang ganitong klase ng drama ang magpapayabong sa "pambansang kultura".

Gayunma'y malaon nang lumalaganap sa hanay ng masang Pilipino ang tunay na kulturang pangmasa na sa halip na mambulag at mang-aliw ay nagmumulat at nagpapasigla sa kanila upang labanan ang isang mapaniil na rehimeng tulad ngayon.

DULANGBAYAN:

SHADES OF THE JAPANESE OCCUPATION!

■ I. del Porvenir

Reading the Times Journal interview with Lamberto Avellana about his new show ("Shades of the 40's!", November 13, 1972), one is struck by an unwitting revelation of the times we are in. "The three-month-old Dulangbayan", the Journal says, "is actually the Philippine Artists League of the Japanese occupation reincarnated in the New era."

This is no idle statement. "Parang panahon ng tag-Hapon", exclaim those in the audience who used to flock to the Avenue theatre during the war. And for those who were young toddlers or not yet born then, the bad aftertaste they get after watching the whole palabas in the Manila Grand Opera House is indicative enough of what it really was when fascism (Japanese style) rode roughshod in the 40's.

Dulangbayan is not just another nostalgic attempt to revive old theatre forms that the movies have practically killed and buried for good. "We aim to be socially relevant", Avellana says. And it is to the attempt to be "socially relevant" that we must focus our attention to find out just what Dulangbayan is after.

A Showcase of Colonial Culture

The show starts with a fitting tribute to Marcos' "new society": "Keep your surroundings clean--support the new society" is flashed on the screen. Then the orchestra strikes up an introduction and a veteran actor's voice boasts in carefully-enunciated English that after so many years of "foreign domination", here is a show that is "truly our own". And surprise, surprise, the curtains part on the first portion called "Showcase" to reveal a combo jazzing up the theme "A Man and a Woman".

The second number is embellished by a chorus line of scantily-clad go-go girls who, judging by their strenuous efforts to kick it up, seem miserably more concerned with the measly cash they can take home for the day than with convincing themselves that this is part of the "showcase" that is "truly our own". Afterwards, two singers dish out their usual supper club numbers.

Then two comedians come out in black

pants, striped black coat and black bow ties to do more English numbers and an impersonation of Jerry Lewis and Dean Martin. And when the last gets the applause, the "nationalistic" conscience of "Jerry Lewis" is pricked. He reprimands his partner and himself for doing imitations of foreigners. "Hindi ka ba nahihiya niyan? Nasa new society na tayo kaya gawin natin ang sariling atin." Whereupon he takes off his coat and tie, untucks his shirt which then becomes a barong tagalog. His partner follows suit and they introduce the next sequence called "Liga Himig Natin".



1940'S

The following little skit is no more than about a couple of lovers flooding the audience with "our own songs" that speak of the beauty of the countryside and of love underneath the trees. The sequence is capped by mini-patadyonged dancers doing a pandango.

Then the curtains part for the finale of "Showcase". Another aging veteran singer-actress, who apparently had seen better days, jazzes, wriggles, croaks her way through vintage American songs ("It's the Wrong Face", "I Don't Know Why") and joins up the cast in a finale number from Hair, "Let the Sunshine In".

"Showcase" is an eloquent refutation of the very muddled "Filipino" image that Dulangbayan Productions, Inc. seeks to project. The barong tagalog nationalism in the whole affair is all too transparent. English songs open and close the first portion, and the "native" part is obviously stuck in just so nobody can say the show is foreign. The cast mechanically talk, act and sing about the era of the Filipino and the end of "foreign domination". The performers do not seem to suspect that they provide the most glaring examples of that foreign domination, specifically U.S. imperialist cultural domination.

1972

"Kapitbahay" Spirit
in the "New Society"

The "story" of Kapitbahay revolves around the domestic affairs and associations of four rural households. An old hand at Tagalog melodrama and comedy plays mother to three children, the eldest of whom has just returned from Davao with a savings of ₱4,500. Part of this money is swindled by a bunch of hoodlums. Another veteran actress known for her width is married to an aguador who steals her earnings from her puto bumbong stall. Moody lives with her husband and a niece who is a broker record personified. Don Miguel is an impoverished "Kastilaloy" whose daughter Blenquita is the sweetheart of Carding. There is also a barber who dishes out jokes and haircuts, the latter on installment for those who pay on installment.

How are we to think of Dulangbayan and Kapitbahay? It is clear that this stage show has been revived not for nostalgia alone but for the definite end of propagandizing for the "new society".

Like TV shows, comic magazines and newspapers in this period of fascist repression, Dulangbayan seeks to project the image that the "new society" desperately tries to create for itself--the "truly Filipino".

The rural motif has always been an expedient device used by the ruling class to promote its scum pretensions to cultural nationalism, and Kapitbahay must be seen in the light of this fact. Here, the important thing is the choice of rural setting and common folks to present a distorted picture of rural life as essentially idyllic and harmonious in spite of the conflicts and uncertainties of everyday living.

It is perhaps even more notorious not for what it presents but for what it tries to conceal or disguise. Because Kapitbahay preoccupies itself with domestic problems and makes itself more appealing by playing up on domestic sensibilities, it is no different from those run-of-the-mill soap operas and situational comedies which bombard their audience with varieties of illusions designed to make them callous to the sordid reality of their lives.

We have what is now a trite metaphor which states that the Filipino is like the bamboo, pliant and resilient to the vicissitudes of life. This is actually an expression of an attitude which Kapitbahay and other projects of the ruling class try to reinforce with the end in view of making the masses quietly accept whatever is imposed on them--even if it is the criminal rule of the U.S.-Marcos dictatorship.

Dulangbayan deems it fit to reinforce this passive attitude by injecting "moral values that are ever-Filipino". In this regard, its focus on "the cohesiveness of the family and the bayanihan spirit" is appropriate, indeed. By "cohesiveness of the family" they mean the absolute subordination and unquestioning obedience of children to parental authority. (On this point, note the current popularization of slogans on respect and discipline.) It is the expectation of the U.S.-Marcos dictatorship that by perpetuating this value, it shall be extended to the relationship between the people and the fascist state.

On the other hand, the bayanihan spirit is an expression of the communal solidarity of people in the countryside as manifested in their activities of mutual help to improve their livelihood. As such it is not a negative value. But when the U.S.-Marcos dictatorship uses it, along with the call for national discipline, it becomes something else. It is bloated into the dimension of a myth that under the "new society" the Filipino people are united and disciplined and the fascist regime enjoys their support.

Incidentally, Dulangbayan has already announced its next play. Sarhento Enriquez, which is about a policeman and his son, will replace Kapitbahay. Judging by the subject matter, the new play will offer Avellana and company more opportunities to propagandize for the "new society". How far Dulangbayan will allow itself to be a tool of a repressive regime, without being assailed by a sense of having betrayed the Filipino people, is a question that its future productions will answer.

In the meantime, our artists who are now being wooed by the "new society" might ponder the words of a poet whose wisdom guided a great nation out of bondage: In the world today, all culture, all literature and art belong to definite classes and are geared to definite political lines. There is in fact no such thing as art for art's sake, art that stands above classes, art that is detached from or independent of politics.

"BAGONG ANYO '72"

How And Why They Brought The Fashion Show To The Masses

Those who flocked to Nayong Pilipino to witness what the notorious Daily Express had promised as a showcase of Philippine culture and ingenuity crystallized in a fashion show must have waited in vain for the inspiration that would suddenly make them take pride in our national culture or, as the cultural despots of the "new society" would call it, "things Philippine".

"Bagong Anyo '72" is the grand reminder of Imelda Marcos to us Filipinos that we must not, in the face of so much misery, merely confine ourselves to questions of bread and freedom, that it is now time for us to get out of our "philistinism" and cultivate an appreciation for culture. And culture meant

the pomp and pageantry of "Bagong Anyo".

The people cried out for bread and Imelda Marcos gave them an overdose of "Bagong Anyo". This is "in line with the goals of our New Society".

Since we are being led to believe that in spite of economic inequalities we are all really one and have equal opportunities in the "new society", the fashion show, previously attended only by the elite , has now been opened to "the uncultured masa" supposedly in the spirit of cultural nationalism and belief in our togetherness.

So with conscious effort, all sectors of society were represented. Bureaucrat capitalists, landlord-compradors, imperialist representatives and fascist chieftains were in their proper seats. The proponents of capitalist indulgence, individualism and decadence, the couturiers, the fashion models, the beauty queens, were all on stage. So were the movie stars--and especially Nora Aunor, whom the ruling class bandy about as a source of hope and inspiration for the poor and the downtrodden. The toiling masses are not included in the fascist puppet's conception of national pride, but they were not barred from partaking of this visual feast. It was as if by a simple sleight of hand the "new society" had been transformed into a classless society.

The show proceeded to offer various interpretations of "Bagong Anyo '72". Each number began with a Bayanihan Dance Troupe suite interspersed with movie and fashion personalities, followed by adaptations of native apparels into modern-day fashions that looked surprisingly like they were copied out of Vogue or Linea Italiana. Locally-made shoes were worn to match every outfit, the heels of which were so nigh as if by wearing these one could easily get above the dust and grime of her native Manila. Nevertheless, the models agreed to show off those wares while they danced western style to adulterated Philippine music. "Bagong Anyo" could not help but project the absurdity of "things Philippine" taken out of Philippine context.

The fascist cultural agents of the "new society" cannot be outdone in the propensity for the "first" or "the one and only". Nowhere in the world has a fashion show been elevated to the status of "national culture", and the U.S.-Marcos dictatorship ought to be congratulated for its daring.

Because "Bagong Anyo '72" has now been officially proclaimed as trend-setter in the field of culture, we can now expect the U.S.-Marcos dictatorship to run all its cultural events such like commercial enterprises. That the cul-

tural agents of the "new society" shamelessly speak of cultural objects as commodities and cultural events as commercial enterprises serves only to expose their bigotry and pretensions to what they usually call "cultural finesse".

When Proclamation No. 1081 mapped out the aspirations of a fascist puppet in the service of a foreign exploiter, all the alleged good intentions could not conceal from the masses the malice embodied in his "New Society" gimmick. The self-proclaimed dictator has consistently followed a policy of deception which is backed by the fascist forces and reinforced by propaganda like "Bagong Anyo".

"Bagong Anyo" means to create the impression of normalcy, to deceive us into thinking that our civil liberties have not been curtailed, to create the illusion that culture and creativity are more than ever inspired and flourishing.

Just as squatter areas and market vendors with defective scales are pinpointed as grievous ills besetting the nation, so too does "Bagong Anyo" attempt to distract the people's attention from the basic exploitative forces in whose service Marcos and his class are thriving.

The ruling class can only find temporary refuge in the lunacy of a "cultural" feat such as "Bagong Anyo '72". Their delusion that they can beguile the Filipino people cannot last much longer.

"Bagong Anyo '72" is but a speck of sand soon to be swept over by the rising high tide of the people's national democratic cultural revolution!

■ Anita Villasis

ANG PANITIKAN NG LIWAYWAY:

ALIWANG PAMBULAG

Ang kilalang magasing Liwayway ay isa nang institusyon ng hungkag na kultura ng ating lipunan. Nagpapanggap na behikulo ng panitikang Pilipino, ang magasing ito'y naging kasangkapan ng kapitalistang si Hans Menzi sa pagpapayaman, at sa pagpapalaganap ng di-makatotohanang larawan ng buhay sa Pilipinas.

Si Menzi ay isang matagal nang tagapayo ng diktador na si Marcos, at siya ring may-ari ng Bulletin na noo't ngayo'y tagapropaganda para sa bangkaroteng estado. Isipin din na ang kanyang Liwayway ang unang binigyan ng diktadurang E.U.-Marcos ng permisong makapaglathalang muli matapos ideklara ang martial law.

Naging patakaran na ng Liwayway na maglako ng panitikan na pawang aliwang pambulag sa masang api ang kalagayan, upang di nila makita ang mapanlil na kalakaran. Nasatin pa ng Liwayway na ipagmalaki ang sarili bilang "ilaw ng isipan", ngunit sa katunayan, pinamamanhid lamang nito ang isipan ng mambabasa sa pamamagitan ng romantisismo, eskapismo, kabulastugan, at paglikha ng palsipikadong drama ng buhay na walang kaugnayan sa mga kongkretong karanasan at karaingan ng masang Pilipino.

Sa ilalim ng kasalukuyang diktadura, higit na kapakipakinabang sa estado ang Liwayway sapagkat lalong ibinubuyo nito ang mga mambabasa sa pagtanggap at pagtangkilik sa bulok at dekadenteng lipunan.

Pag-ibig at Sex:
Ang Opyong Pang-aliw

Nang bumulaga ang "bagong lipunan", dagling naglaho ang pagkukunwari ng Liwayway bilang patron ng makabuluhang panitikan (may panahong naglaban ito ng mga akdang may pagkaprogresibo, bilang "pampabango" sa sarili). Muli itong nagnegosyo sa romantisismo at konserbatismo. Sa pananalita na rin ng patnugutan: "Bakit tila nagbabalik tayo sa pag-ibig? Maano nga kung nagkagayon man? Hindi ba pag-ibig ang nagpapaiog sa daigdig?" (Liwayway, Oktubre 9, 1972).

Ganito ang ibig palabasin ng Liwayway: ang pangunahing puwersang nagpapakilos sa sinumang tao at alinmang uri sa lipunan ay pag-ibig--kung malulutas ng mga indibidwal ang mga kagustuhang likha ng pag-ibig, magiging maayos at maligaya ang lipunan. Ngunit hindi pa nagkasya sa makalumang pagtalakay sa tema ng romansa, nagpapakagumon pa ngayon ang Liwayway sa tema ng sex--ipinangingibabaw ang "damdaming makalupa".

Malinaw na kapag ginamit ang panitikan upang likhain ang impresyon na ang pag-ibig at sex ang mapagpasiyang salik sa buhay, lumalabo para sa mambabasa ang kahulugan ng tunggalian ng mga uri sa lipunan (lalo pa nga't ang tinutunghan niyang kuwento o komiks ay yaong tungkol sa pananagumpay ng pag-ibig na namamagitan sa isang mayaman at isang mahirap), at umaabot sa kasukdulang magkakasimpatiya siya't maaawa sa mga naghahariharing uri na hindi malubos ang kaligayahan sa kabila ng kanilang kayamanan at kapangyarihan.

Tunghan ang dalawang kuwentong isinalarawan: "Sala Ko Ba?", "At Nalusaw ang Bakal". Sa unang kuwento, pinapaksa ang homosexuality ng isang mayamang "ama" at ang mga implikasyon nito sa buhay ng

kanyang pamilya. Sa ganitong paglalarawan ng mga di-pangkaraniwang kapansanan ng mga di-tipikal na tauhan, nagiging opyo nga ang isang katha sapagkat ikinukubli nito ang tunay na esensiya ng mga kontradiksiyong umiiral.

Sa ikalawang kuwento, ang mga ambisyon, luho at biyo ng burgesiya ang binibigyang-diin. Pahahangain tayo sa isang milyonaryong namang main raving

"the world's most perfect man" ang anak, at papapanghinayangin tayo pa' lumabas na di perpekto ang eredero. Bukod sa kinakasangkapan ng kuwento ang sex at homosexuality, itinatampok pa nito ang isang makasariling pilosopiya sa buhay ng isang burges.

Sa nobelang "Panakip-Butas" at komiks na "Tahitihiti-Wahikihiki", maanghang at patawa ang paggamit sa sex upang gawap na maaliw ang mambabasa. Sa unang nabanggit na akda, ginagawang balatkayo ang "humor" upang lubusin ang piyudal na pagtrato sa babae bilang bagay na aliwan. Sa ikalawa, sinasakyan at kinakasangkapan ang tema ng Women's Lib o ang "digmaan ng babae't lalaki" upang ang mambabasa'y kilitiin at papaglawayin (tulad ng mga tauhan sa kuwento) nang sa gayo'y malimot niya kahit sandali ang kritikal na tunggalian sa konkretong buhay. At kung may katingot mang layunin ang dekadenteng awtor na bigyangpansin ang pantay na karapatan ng kababaihan, palsipikado't puntastiko ang sitwasyong ginamit, bukod sa ang pinangingibabaw pa niya ay ang pagkauhaw ng babae't lalaki sa laman!

Pag-ibig ang gumigitaw sa mga nobelang gaya ng "Piitang Ginto", sa mga kuwentong tulad ng "Isang Mekanismo ng Pag-ibig" at "Bali ang Pakpak ng Anghel sa Nayon ko", at sa mga tulang karaniwang pumapaksa sa neunsiyaming pag-ibig.

Nililinang ng ganitong mga akda ang romantisismo at eskapismo sa mga mambabasa nanggang sa malimot nila ang kanilang paghihirap.

Indibidwalismo, Idealismo at ang Palsipikadong Daigdig

Karamihan sa mga tauhan ng literatura ng Liwayway ay tiwalag sa konteksto ng lipunang Pilipino at gumagalaw sa isang palsipikadong daigdig. Inaaliw tayo ng mga bidang lalaki at babae, at ng mga kababalaghan. Samakatwid, binubulag tayo at ikinukubli ang tunay na anyo at kalakaran ng buhay.

Ang mga komiks, halimbawa, ay karaniwang gumagamit ng malalakas na indibidwal, upang sa parasang idealistiko at walang batayan sa katotohanan, ay bigyan ang mambabasa ng maling akala at hungkag na pag-asa hinggil sa pagbabago ng lipunan. Ang ganitong palasak na tema sa panitikan ay bunga ng burges na panininiglan na ang bayaning umuugit sa kasaysayan ay ang nag-iisang indibidwal na malakas at makapupuksa sa masasamang-loob.

Indibidwalistang kabayanihan ang tema ng nobelang komiks "Sa Ngalan ng Batas". Nangangamba na mapaniwala nito ang mambabasa na ang isang magilas na koboy-Pilipino ay masaring maging "tagapagtanggol ng mga api", kung kaya't ang masa ay makapaghihintay ng isang Randong nakalilipol ng mga bandido o alipuris ng asendero. Hindi naiilalarawan ng ganitong literatura na ang malubhang suliranin ng mga taganayon ay hindi lamang ang nakawan ng baka, pasikatan ng pananandata, o hidwaan ng mga angkang asendero. Hindi rin inilalarawan ang rebolusyonaryong kabayanihan ng masa.

Sa kuwentong "Ang Mister Kong Ideyalistiko", isang mag-asawang taga-estero ang nakaangat mula sa kahirapan sa pamamagitan ng suwerte: nanalo sa daily double at nangarap makabili ng bahay o lote, nanggang sa maisipang palaguin



ang pera sa pamamagitan ng paglalagak nito sa bangkong animo'y mina ng "interes"! Nakatutuwa marahil kung ang angaw na maralita ng estero ay tatamang lahat sa karera at sugal, ngunit itinuturo ng buhay na hindi sa paraang ala-suwerte makaaahon sa kahirapan ang masa.

Ang "idealismong" ipinamamarali ng awtor ay lalo lamang magpapasidhi sa sakit na pangangarap-nang-gising, at nagiging sagabal sa pag-unawa sa mga kongkretong pamamaraan upang makahulagpos ang masa sa kahirapan.

Pagsalamin sa "Bagong Lipunan"

"Alinsunod sa mga layunin ng Bagong Lipunan", walang pagkukunwaring tinatahak ngayon ng Liwayway ang landas ng kontra-rebolusyon. Ito'y makikita hindi lamang sa garapal na pagkatig sa mga napanlinlang na patakaran ng diktadurang E.U.-Marcos na siyang nilalaman ng mga balita't komentaryo, kundi sa mga kuwento na rin na biglang nagtaglay ng "kamalayang panlipunan".

Sa isinalarawang nobelang "Child Husband", ang dalawang pangunahing tauhan ay bigla na lamang nagpamalas ng pagmamalasakit sa lipunan at sa pagpapanibagong-hubog ng ating moralidad. Ang bidang lalaki na anak ng isang yumaong kapitalista at ngayo'y katulong sa pangangasiwa ng kanilang kompanya ay lubos na naganlit nang bigyan siya ng "stag party" dahil sa ito'y isang kaugaliang di na dapat pang pairalin sa "bagong lipunan". Ang bidang babae naman na siyang "executive" sa kompanya ay nagpaalala sa mga babaeng kawaning nagpaplano ng "shower party" para sa kanya: "Thanks girls ... Just don't spend so much on me ... in keeping with our new society."

Katawa-tawa ang mga pangyayaring ito sapagkat ang uring kinabibilangan ng dalawang pangunahing tauhan ay siyang primero unong tagapagtaguyod ng kung anu-anong kabulastugan at kaluhuan sa lipunan. Sa paglalarawan sa mga tauhang ito bilang mga taong may malinis na kalooban at hangarin, pilit na ikinukubli ng kuwento ang tunay na kalikasan ng mapang-api't mapagsamantalang naghaharing uri.

Pagtupok sa Panitikan ng Reaksiyon

Malinaw na makikita sa mga akdang inilalako ng Liwayway ang reaksiyonaryong panitikan bilang pang-aliw at pambulag sa mambabasa. Sa pamamagitan ng idealistikong interpretasyon sa kasaysayan, pagtalikod sa tunay na larawan ng lipunan at pagtutuon ng pansin sa daigdig ng imahinasyon, at sa pagtataguyod nito ng kaisipa't damdaming burges at piyudal, ang Liwayway ay nagsisilbing haligi ng kontra-rebolusyonaryong panitikan.

Ang mga manunulat ng Liwayway, na karamiha'y bihag ng institusyong ito at ng buong sistema, ang nagbubulid sa panitikan sa piitan ng kahungkagan. Ang kanilang panulat ay nagsisilbi sa interes ng naghaharing uri.

Dapat ilantad ang reaksiyonaryong katangian ng Liwayway upang ito'y lubusan nang itakwil ng mamang Pilipino!

HUWAG MONG SABIHING WALANG SAYSAY ANG PAKIKIBAKA
(Halaw kay Arthur Hugh Clough)

Huwag mong sabihing walang saysay
ang pakikibaka, bigo ang dugo at pawis,
hindi matitinag ni maiguguho ang kanuway,
at ang matagal nang umiiral ay mananatagi.

Kung pag-asa'y hangal, pangamba'y bulaan;
baka ngayon lamang, sa likod ng usok na iyon,
ang mga kasama mo'y sumusugod, tumutugis,
at kung di sa iyo'y malaon nang nagtagumpay.

Bagamat ang alon, na dumadaungdong sa buhangin,
sa malas ay walang humpay na pagsulong,
sa mga kubling bato at ilog ng kanayunan,
tahimik, dahan-dahang lumulusot ang dagot.

At sa sandali ng bukanliwayway, ang liwanag
ay hindi sa bintana lamang sumisilip;
sa silangan, umaakyat ang araw, kay bagal,
subalit, masdan mo, maaliwalas ang buong bayan!

■ Bernardo Carpio

KASAL SA PANAHON NG APOY

Sa panahong itong panahon ng apoy,
Dalawang daigdig ang pinagdurugtong,
Dalawang pag-ibig ang pinagbubuhol,
Sagisag ng bukas na bagong panahon.

Dumidilang apoy ang pulang watawat,
Ang lunsod at nayo'y pinaglalagablab,
Tinutupok mandin pati hangi't ulap
Ng digmaang bayang ngayo'y nagliliyab!

Pag-ibig na dati'y silakso ng dugo
Ng magkasing-pusong darang sa pagsuyo,
Ay dinadagandang ng nasang mabuo
Ang pagkakaisa ng maraming puso.

Pinagbuga ito ng layong maglingkod
Sa masang nagbangon sa pagkabusabos,
Pinapanday ngayon sa alab ng poot
Ng bayang dinahas ng imbing diktador.

Pinag-isang tibok ang dalawang puso,
Pinag-isang agos ang dalawang dugo,
Pinag-isang ningas ang dalawang sulo,
Sagisag ng bayang di mapasusuko!

Pagpula ng bukas inyong lilirgunin
Binabagtas ngayong kaputol na dilim,
At pag sa silanga'y bumangon ang ningning,
Ang mapagpalayang araw ay batiin.

Sa panahong yaong panahon ng awit,
Ang nangagbalikwas magkikitang-langit,
Ang puso ng baya'y mag-iisang-pintig,
Buong sambayana'y mag-iisang-dibdib!

■ Amador Hernando

SURIIN PO NATIN

ni VICTORIO del PUEBLO

SA IKAUUNLAD NG BAYAN
REBOLUSYON ANG KAILANGAN

Aling diktador pa ang hihigit kaya
Sa pagkahalimaw at pagkatimawa,
Liban na kay Ferdie at basalyong tuta?
Aling diktador pa? Wala na nga! Wala...

Wika nga sa kanto, "S'wabe kung yumari",
At "pinong garapal" sa taktikang hari;
Kaya naman, Bayan, pag siya'y ngumiti
Asahang may tangkang baya'y ipalungi.

Pag nagsabing "Relaks", bomba ang kasunod,
Pag nagsabing "Okey", tayo nga ang lagot,
At pagkislot namen ni Melding Kangkarot,
Salapi ng bayan ang tiyak na simot.

Sa bagong bersyon po ng buhay-alamang:
"Paglukso ni Marcos, ang bayan ang patay".
Wikain din ngayong "Kung gustong mabuhay,
Sa tugtog ni Macoy doon ka sumayaw."

Suriin po natin ang kalagim-lagim
Na mga "pakulo" nitong Bagong Hitler.
Magsuri po tayo at ating labanan
Ang mga pakana at pambi-brainwashing.

Halimbawa, sino ang di mapupundi
Sa mga anunsyo sa radyo at TV?
Halos konting kibot heto na'ng pasabi:
Disiplina'ng gamot sa bayang may TB.

Subalit, nasaan, anong disiplina?
Kaliwanag ito'y isa lang taktika
Upang gamap na ngang malunok ng masa
Ang batas militar at anumang regla.

Katulad ng masa'y taong binibitay,
May lubid sa leeg, may posas sa kamay,
May tutok na kanyon sa likod at tiyan,
At may bumubulong: "Disiplina, 'igan."

Disiplina? Oo, ito'y kailangan
Tungo sa pag-unlad nitong ating bayan;
Pero disiplina'y hindi umiiral
Sa pamamagitan ng batas militar.

Itong disiplina'y di naipipilit;
Kung naipilit man, may bungang mapait.
Kapag itong baya'y 'dinaan sa lupit,
Lalong dinadali ang pagbihimagsik.

Isa pa, kung minsan, ang pagpapasunod,
Mara halimbawa ng taong nag-uton.
Por diyos por santo, tubod ko ma'y kalog
Di na maluluko sa istrok ni Marcos.

Anong halimbawa kayang masasabi
Sa pagka-disciplined ng Marcos Family?
Richest man in Asia ang "dakilang" Ferdie,
Kolektor ng hiyas ang "butihing" Meldie.

Turistang student sina Imee't Bongbong,
Doon pa sa abroad nagpapakarunong;
Sayang! Kung marito, disi'y makatulong
Kahit na magtanim ng kamote't kangkong.

Sa himig ng ating paksaing anunsyo,
Sala pa ng masa ang di pagprogreso;
Karamba! Matapos alipinin tayo,
Tayo pa'ng sinisising tamad, walang modo.

Ang dapat isipin: itong disiplina,
Ay di siyang sanhi, kundi isang bunga--
Bunga ng kondisyong sosyo-pulitika
Na kinagisnan na't humubog sa masa.

Itong kanya-kanya't indibidwalismo
Ay dinikdik sa 'ting mga Pilipino.
Ito ay produkto ng kolonyalismo
At ng oryentasyon sa kapitalismo.

Sinanay po tayong nagkanya-kanyahan
Sa mga negosyo at lahat ng bagay;
Hinubog po tayo sa isang lipunan
Na ang pinong batas: "Matira'ng matibay".

Sa gayon, ang dapat baguhin muna
Ay ang mga sanhi ng "no disiplina";
Mga pang-aapi't pagsasamantala
Ang dapat unahin ng ating puntirya.

Hanggat may iilang lalong yumayaman
At may angaw namang dukha habang buhay;
Hanggat bansa nati'y hawak ng dayuhan,
Itong disiplina'y malaking bolahan.

Para lamang itong isang palamuti
Upang maitago ang linsil na mithi.
Isang pandaraya upang mapalungi
Ang bayan sa lalong dustang pagkaawi.

Ang siste pa nito, bawal ang umangal
Sa lahat ng orden ng "Bagong Lipunan".
Bawal ang magwelga, "magtsismis" ay bawal,
Kasabay ang ordeng "Disiplina, 'igan."

Ergo, kapag ikaw ay medyo pumalag,
"Walang disiplina" ang marka mo agad;
At s'yempre, O Bayan! Pag medyo minalas,
"Isang subersibo", sa Crame ang bagsak.

Ang mga "reporma" "to save the Republic"
Ay palucot lamang at balitang Express;
Bahagi po ito ng "dakilang rundyil"
Upang tayo'y maging bayang petek-petek.

Ay! Lintik talaga itong pang-unlol,
Lahat ng mangyari'y de-kahong diktasyon.
Kaya, Bayan, upang tuloy na sumulong,
Kailangan nati'y isang rebolusyon.

IBAGSAK

ANG

DIKTADURANG E.U. – MARCOS!